（TAGALOG/タガログ語版） Ｎｏ．61

# KIAN


KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

# KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City




## Spring Animal Festival



NO. 181

Ang Spring Animal Festival ay gaganapin sa Yumemigasaki Animal Park ng Saiwai ward sa ika-27 ng Marso 2005, Linggo. Ito ay magsisimula mula alas 10 ng umaga hanggang alas-3 ng hapon. Matutunghayan ang paggawa ng hayop sa pamamagitan ng origami, mayroong bideo showing ng mga hayop at maaaring mahawakan o mahipo ang ibang mga hayop. Sa piyestang ito ay maaari na ring mamasdan ang kagandahan ng “Cherry Blossoms” sa loob ng parke na may humigit kumulang sa 500 puno. Mararating ang Yumemigasaki Animal Park sa pamamagitan ng bus sa kanlurang labasan ng istasyon ng Kawasaki. Ito ay 5 minuto ang layo mula sa babaan ng Yumemigasaki Dobutsu Koen Mae. Kung ang sasakyan ay Nambu Line, ang parke ay 20 minuto ang layo mula sa istasyon ng Kashimada.

## Pag-aaral ng Nihonggo



Ang halos lahat ng Shiminkan (Citizen’s Center), Education and Culture Center at iba pang pasilidad sa Kawasaki ward ay naglalaan ng klase para sa pag-aaral ng salitang hapon. Matututunan dito ang pagsulat, pagbasa at paggamit ng salitang hapon sa pang araw-araw na pamumuhay pati na rin ang iba’t-ibang tradisyon at gawain ng hapon.

Sa Nakahara Shiminkan ay may klase tuwing Martes, alas-10 hanggang alas-12 ng tanghali at alas-6:30 ng hapon hanggang alas-8:30 ng gabi. Ang kursong pang-umaga ay magsisimula sa ika-19 ng Abril samantalang ang kursong pang-gabi ay sa ika- 12 ng Abril. Sa mga interesadong mag-aral ng Nihonggo, magsadya sa Nakahara Shiminkan sa mga araw at oras na nabanggit.

Tuwing Huwebes naman ang klase sa Takatsu Shiminkan. Magsisimula ang kursong panggabi sa ika- 6 ng Mayo at ika-12 ng Mayo para sa kursong pang umaga. Sa mga nagnanais pumasok sa Takatsu Shiminkan, mag-enroll sa ika-21 ng Abril mula alas-10 ng umaga.

Makipag-ugnayan sa mga pasilidad ng mga ward sa Kawasaki para sa iba’t-ibang impormasyon. Libre o walang bayad ang pag-aaral ng Nihonggo maliban sa mga materyales kagaya ng aklat at marami pang iba.


No.182


## Cherry Blossoms

Ipinapaalam sa lahat ang mga bantog na lugar ng “Cherry Blossoms” sa loob ng siyudad ng Kawasaki.

Una sa lahat ay ang Midorigaoka-Reien (sementeryo). Sa panahon ng tag-sibol, ang Midorigaoka-Reien ay naging bantog dahil sa naggagandahang pamumulaklak ng daan-daang puno ng Cherry Blossom. Mararating ang Midorigaoka-Reien sa pamamagitan ng Nambu Line sa istasyon ng Tsudayama.

Gayundin ang Yumemigasaki Dobutsu Koen na kung saan mayroong 50 iba’t ibang uri ng hayop katulad ng Lesser Panda at Humbolt Penguin. Ang kabuuan ng makikitang mga hayop ay may bilang na apat na daan. Mayroon ding limang daang puno ng Cherry Blossoms na may iba’t ibang lahi ng Higan at Someiyoshino. Mararating ang Yumemigasaki Animal Park sa pamamagitan ng bus sa kanlurang labasan ng istasyon ng Kawasaki (City Bus Nos. 63, 64, 66, 83) 5 minuto ang layo mula sa babaan ng Yumemigasaki Dobutsu Koen Mae. Kung ang sasakyan ay Nambu Line, ang parke ay 20 minuto ang layo mula sa istasyon ng Kashimada.









Makikita rin ang magandang Cherry Blossom sa Nikaryo-stream walkway malapit sa pagitan ng istasyon ng Shukugawara at Ryokuka Center. Ang mga puno ng Cherry Blossom ay pinangangalagaan ng “preservation group“ na binubuo ng mamamayan sa lugar. Kabilang din ang ilog ng Nikaryo na dumadaloy hanggang ward ng Nakahara. Ang mga puno ng Cherry Blossom ay mamamasdan mula sa lugar ng Imaikamicho Ryokudo hanggang sa Peace Park ng Nakahara at tumutuloy hanggang sa loob ng kuyakusho (munisipyo) ng Nakahara. Ang ilog ng Nikaryo yosui ay nahahati at naging Shibakawa na dumadaloy papunta sa Motosumiyoshi at Karugamo no Sato.

Huli sa lahat ay ang Kajigaya Dai-ichi Koen na nasa ward ng Takatsu. Mayroon ditong 280 puno ng Cherry Blossom. Sa panahon ng pamumulaklak ay nagiging pasyalan ng karamihan. Mararating ito sa pamamagitan ng Den-entoshi Line 15 min. Lakad mula sa istasyon ng Kajigaya. Ang pamamasyal sa mga nabanggit na lugar ay walang bayad. Ipinakikiusap na iwanang malinis ang lugar.


## Training Rooms

No. 183



Maaaring gamitin ang pasilidad palakasan at ehersisyo (muscle training facilities) sa Kawasaki City Exercise Hall at sa iba pang sports center ng munisipyo ng Saiwai, Takatsu at Asao. Sa mga center na ito ay may mga makina at mga gamit sa pagpapalaki ng muscles at pang-bawas ng taba ng katawan.Ang mga pasilidad na ito ay bukas mula alas-9 hanggang alas-12 ng tanghali, ala-1 hanggang alas-4:30 ng hapon at alas-5:30 ng hapon hanggang alas-9 ng gabi.

Ang bayad sa paggamit ng pasilidad na ito ay 200 yen para sa mga may gulang, 100 yen para sa mga estudyante at sa mga may edad na 20 anyos. Ang mga pwedeng gumamit nito ay mula sa nasa mataas na antas ng Junior Highschool. May mga training rooms din sa Todoroki Arena, Shimin Plaza at Yonetty Ozenji. Makipag-ugnayan lamang sa mga pasilidad na ito sa halaga ng bayad, mga gamit, iskedyul at iba pang mga kailangan at impormasyon.



## Doktor sa Kawasaki

Maaaring mapag-alaman ang mga impormasyon ng medikal na pasilidad mula sa Kawasaki City's home page. Sa pag-akses ng home page na ito, ilagay ang inyong tirahan o address upang makita ang listahan ng mga doktor at ispesyalista sa inyong lugar. Matutunghayan din sa home page ang mga doktor na nagbibigay ng bakuna. Ang home page na ito ay di lamang sa salitan hapon kundi pati na rin sa Ingles, Korea at Spanish. Gamitin ang Home page kung kinakailangan.





Issued by The Kawasaki International Association
2-2 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033　Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010　E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/